

DOST-X naghahanda ng virtual consultation para sa mga MSMEs sa Region X

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Kasabay ng paghahanda sa “new normal”, magsasagawa ang Department of Science and Technology (DOST)-Region X ng virtual consultation ng Manufacturing Productivity Extension (MPEX) Program o MPEX para sa 25 piling micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa rehiyon para sa buong buwan ng Hunyo.

Kasama sa MPEX program ang pagkuha ng industry expert, productivity specialist, at iba pang technical expert upang tulungan ang mga MSMEs na nasa manufacturing sector. Layon ng virtual consultation na makapagbigay ng rekomendasyon ang mga eksperto para sa ikauunlad ng kabuuang operasyon ng mga MSMEs upang lalong tumaas ang kanilang produksyon.

Ang mga kukuhaning MPEX technical consultant at expert, na nagmula sa pa academe at sa probadong sector, ay inakreditahan ng DOST sa pamamagitan ng Subject Matter Specialist Program,

Sa gaganaping virtual consultation, magsasagawa ang MPEX technical expert team

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Kontribusyon ng mga DOST iskolar sa panahon ng COVID-19, binigyan pugay ng mga opisyalasP3

DOST-FPRDI nagsagawa ng unang virtual Technology Forum.....P4

Radyo at online modules, inaalok ng DOST-SEI para sa pagtuturo ng Siyensya

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Ang online module gaya ng DOST courseware ay maaring ma-download din sa Google Play at App store. (Larawang mula sa DOST-SEI)

Sa gitna ng pagsubok dulot ng COVID-19, patuloy ang pagkakatulo ng karamihan sa mga mag-aaral na Pilipino pagdating sa STEM o science, technology, engineering, and mathematics sa tulong ng mga radio channel at online module.

Bago pa man ang pandemya, ilan sa mga mag-aaral ang nagkakaroon o nadagdagan

ang kaalaman sa mga asignatura sa siyensya dahil sa mga umiikot na Science Explorer at nuLab buses ng Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI). Subalit sa ngayon, pansamantala itong natigil gawa ng COVID-19.

Kaya naman sa kabila ng ganitong limitasyon, nagsanib-pwersa ang DOST-SEI at

sundan sa pahina 2

Radyo at...

Mula sa pahina 1

Department of Education na maging posible pa rin ang pagkatuto ng mga mag-aaral pagdating sa siyensya at matematika.

Nagdelop ang DOST-SEI ng iba ibang pamamaraan at mekanismo upang makaproduk ng education resources sa pakikipagtulungan sa DepEd sa ilalim ng kanilang mga programang RadyoEskwela sa Siyensya at TuklasSiyensya sa Eskwela. Ang mga programang ito ay iimplementa sa pagbubukas ng klase ngayong taon.

Nauna nang inanyosyo ng DepED na kasama sa kanilang preperasyon sa pagbubukas ng klase ngayong taon ay ang mga bagong sistema at mekanismo ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang ilang platform ng midya.

Ang RadyoEskwela sa Siyensya ay programa para sa mga mag-aaral sa elementarya na magtatampok ng mga istorya tungkol sa mga leksyon ng siyensya sa loob ng 20 episodes

na mayroong tig-30 minuto na haba. Ang mga episode nito ay maaaring ipalabas nang pauli-ulit sa mga regional station at inaalok ito ng DepED na magsilbing learning resources sa mga mag-aaral na kailangan matutuo sa kasagsagan ng bagong school year.

Naging konsiderasyon ng naturang programa ang radyo bilang medium para maabot ang mga mag-aaral sa liblib na lugar sa probinsya ay ang datos na kung saan 54.7% sa kanila ay hirap pa rin makasagap ng maayos at mapagkakatiwalaang koneksyon sa internet at radyo ang nagsisilbing praktikal na midyum.

Samantala, ang TuklasSiyensya sa Eskwela ay ang programa naman para sa mga mag-aaral mula sa junior at senior high school. Naglalaman ito ng 15 asignatura sa siyensya, lahat ay may habang 30-45 na minute, at lahat ay matatagpuan sa isang online platform na kung saan maaaring magamit kahit anong oras. Ang mga modyul ay nakabase sa mga


kasalukuyang modyul na dinebelop ng mga siyentipiko at iskolar na siyang magsisilbing mga taga-gabay.

Maaari namang pagsama-samahin ng mga guro sa elementarya ang mga episode sa dalawang modyul para mahasa ang kailang pagtuturo sa tulong ng Teacher's Guide. Ma-dodownload ang lahat ng ito sa website ng DOST-SEI gayundin sa Google Play at App store o kaya naman maaaring magtungo sa regional offices at Provincial S&T centers ng DOST para makakuha ng kopya nito.

Ang RadyoEskwela at TuklasSiyensya ay nagpapatunay lamang na makakahanap pa rin tayo ng paraan upang patuloy na magabayan at maturuan ng mga asignatura ang mga mag-aaral na Pilipino sa kabila ng umiiral na "new normal". (*Impormasyon mula kay Geraldine B. Ducusin, DOST-STII*)

DOST-X naghahanda...

Mula sa pahina 1



MPEX Virtual Consultation kasama ang FREN's Autoparts (Zoom screenshot ng virtual consultation)

ng assessment sa product design, packaging, materyales na ginamit, proseso at operasyon, equipment, planta o iba pang pasilidad, layout, production planning at control system, quality control system, at ng kabuuang organisasyon ng bawat MSME, maging ang human resource utilization ng mga ito. Ang makukuhang resulta sa assessment ang siyang gagamitin ng technical expert team upang gumagawa ng in-depth analysis sa kung paano mas higit

na mapapaunlad ang productivity ng MSME at magbigay ng iba pang rekomendasyon na makakatutulong sa pag-iimplementa ng firm beneficiary.

Ang pagkumpleto sa bawat productivity consultancy ay nasa anim na buwan mula sa araw ng contract signing. Sa anim na buwan ito, may isang buwang durasyon ang mga MSME upang iimplementa ang irekomenda ng MPEX technical expert team. Samantala, ang

technical expert team naman ay magpapasa ng technical report pagkatapos ng consultancy upang idokumenta ang assessment, analysis, recommendation, at evaluation sa mga MSME.

Ang mga interesadong MSME sa rehiyon ay maaaring mag-apply mismo sa DOST-X regional office o sa malapit na Provincial Science and Technology Centers (PSTCs) sa kanilang lugar. (*Impormasyon mula kay Shevanie E. Magallanes, DOST-X*)

Kontribusyon ng mga DOST iskolar sa panahon ng COVID-19, binigyan pugay ng mga opisyaes

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Sa pagharap ng buong bansa sa patuloy na banta ng Coronavirus Diseases o COVID-19, ilan sa mga nangunguna na nagbibigay ng boluntaryong serbisyo sa kani-kanilang komunidad ay ang mga iskolar ng Department of Science and Technology (DOST).

Base sa inilabas na datos ng DOST-Science and Education Institute (SEI) nitong 05 Hunyo 2020, umaabot sa 1,081 na kasalukuyan at dating iskolar ng ahensya ang boluntaryong nagbibigay ng kani-kanilang oras at ekspertis sa mga aktibidad na kagaya ng relief operations, data encoding and validation, 3D printing ng mga face shield frames, gayundin ang mga produksyon ng alcohol at ilan mga personal protective equipment o PPE para sa ating mga frontliners. May mga ilan din sa iskolar ang tumutulong sa pagmomonitor ng mga tao na pumapasok at lumalabas sa kanilang mga barangay.

Ayon kay DOST-SEI Director Josette T. Biyo, bagamat ikanagagalak nila ang mga kontribusyon at inisyatibo ng mga iskolar, ipinagmamalaki naman niya na malaking papel ang ginampanan ng programa nilang "The Filipino Patriot Scholars Project" upang madebelop ang likas na makabayan sa ating mga iskolar at maipanuwa ang kanilang kahalagahan sa pagbibigay ng mga kaangpatang solusyon sa ilang suliranin ng bansa.

"Since 2017, we wanted to inculcate the core values such as professional excellence, social responsibility, servant leadership and volunteerism among our scholars aside from them pursuing academic excellence. We know that those values don't fully blossom in a matter of days or weeks, but the Patriot Project allowed them to find deeper meaning to the brand of being DOST scholars," sabi ni Dir. Biyo.

Ibinahagi rin ni Dir. Biyo na patuloy na tumataas ang bilang ng mga nagboboluntaryong DOST iskolar sa nakaraang buwan. Mula sa 500 nitong Abril, umabot na ito sa mahigit sa isang libo ngayong Hunyo, hindi pa kasali rito ang mga hindi nairereport o nasasama sa dokumentasyon ng DOST-SEI.



Kuha ng isang DOST-scholar volunteer na gumagawa ng personal protective equipment na ipinamimigay sa mga pampublikong ospital sa Bohol. (Larawan mula sa DOST-SEI)

Ilan sa mga programa na nagbibigay ng boluntaryong serbisyo ang mga DOST iskolar ay ang Feasibility Analysis of Syndromic Surveillance using Spatio-Temporal Epidemiological Modeler o FASSSTER na dinebelop ng mga siyentipiko mula sa Ateneo de Manila University (ADMU) at pinondohan ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development. Ang FASSSTER ay isang instrumentong maaaring gamitin sa pagtataya, pagbabantay o pagtatala nang paglaganap ng COVID-19 sa bansa. Umaabot sa 45 na boluntaryo na DOST iskolar ang nakakalat ngayon sa mga regional offices ng Department of Health (DOH) bilang mga data encoders at analysts.

Binigyan kilala rin ni Dir. Biyo ang mga dating DOST iskolar na si Shana Genavia na tumulong sa pagbalida ng COVID-19 Detection Kit na dinebelop ng mga siyentipiko mula sa University of the Philippines - National Institutes of Health (UP NIH) at mga balik-scientist mula sa University of Iloilo na gumagawa ng epidemiological modeling ng COVID-19 para sa mga probinsya ng Iloilo, Guimaras, at Panay.

Kasama rin sa mga listahan ng mga DOST scholar-volunteer ay ang mga naging bahagi ng "Bangon Marawi Scholarship Program" na kung saan tumutulong sila sa distribusyon ng mga food packs sa lungsod ng Marawi, Balo-i

sa Lanao del Norte, at Saguieran, Marantao, Maguing, at Tugaya sa Lanao del Sur.

Sa mensaheng ibinahagi sa kanyang opisyal na Facebook page, ikinatutuwa ni DOST Secretary Fortunato de la Peña ang mga inisyatibo at kontribusyon ng mga dating iskolar upang makatulong sa pagbangon ng bansa mula sa krisis na dulot ng COVID-19. (Impormasyon mula sa DOST-SEI)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

DOST-FPRDI nagsagawa ng unang virtual Technology Forum

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-FPRDI

Kamakailan ay nagsagawa ng unang online Technology Forum ang Department of Science and Technology-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) para sa mga small entrepreneur.

Tinalakay sa forum ang limang in-demand technologies ng DOST-FPRDI: charcoal briquetting; handmade paper and fossilized leaves making; bamboo-framed retractable face shields production; at personal hygiene anti-microbial products making.

“We thought of having this forum in support of ordinary Filipinos whose livelihoods have been badly hit by the pandemic. We wanted to provide them with low-cost, income-generating ideas they could explore,” paliwanag ni Grecelda A. Eusebio of the Institute’s Technology Licensing and Promotion Section (TLPS).



Sinimulan ng DOST-FPRDI ang produksyon ng bamboo-framed face shield, anti microbial soaps, at hand mists bilang pagtugon sa pangangailangan ng bansa ng personal protective equipment at hygiene products laban sa COVID-19.

“As a result of the event, our office has received several inquiries and letters of intent on the adoption of bamboo-framed face shields and charcoal briquetting. We are expecting more requests in the coming weeks,” dagdag pa niya.

Ani ni Eusebio, regular na nagsasagawa ng technology forum ang DOST-FPRDI upang maihatid sa publiko at sa mga potensyal na partner o investor ang mga programa at teknolohiyang na kanilang binubuo.

Idinaos ang isa sa mga unang virtual technology forum ng DOST-FPRDI noong ika-15 ng Hunyo kaaikabat ang DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic, Forestry and Natural Resources and Development Program on Intellectual Property and Technology Business Management (IP-TBM) na dinaluhan ng mahigit sa 100 participant gamit ang Zoom, at may audience reach na 11,000 sa Facebook Live. *(Impormasyon mula kay Apple Jean C. Martin-de Leon, DOST-FPRDI)*